OREGON DEPARTMENT OF EDUCATION
Oregon achieves . . . together!

2021-2022 na Taunang Abiso para sa Mga Pagsusulit sa Buong Estado

LAHAT NG MGA MAG-AARAL NA NAGTAPOS AY MAGHANDA

Noong 2010, nagtaguyod ang Oregon ng mas matataas na pamantayan ng K-12 sa English Language Arts at Math upang matiyak na lilipat ng antas ang lahat ng mag-aaral nang may kaalaman at mga kasanayang pang-akademiko na kinakailangan para sa tagumpay pagkatapos ng high school. Dahil itinaas naming ang pamantayan para sa kung ano ang inaasahan naming malaman ng mga mag-aaral at magagawa, binago rin naming ang paraan ng pagsukat naming sa pag-unlad ng mag-aaral sa pamamagitan ng aming mga state tests (pang-estadong mga pagsusulit), na kilala bilang Smarter Balanced.

Bakit mahalaga ang paglahok?
Habang walang solong pagsusulit ang maaaring magbigay ng isang kumpletong larawan ng pag-unlad ng inyong anak, ang mga statewide na pagsusulit ay nagbibigay ng impormasyon sa mga nagtuturo at tagapangasiwa tungkol sa kung ano ang gumagana sa mga pang-edukasyon na pamamaraan at kung saan kinakailangan at karagdagang mga mapagkukunan. Mahalaga ang paglahok ng inyong anak upang makatulong na matiyak na natatanggap ng mga paaralan at distrito ang mga naka-target na pinagkukunan na kailangan ng mga ito upang matulungan na magtagumpay ang lahat ng mag-aaral.

Paglalarawan ng mga karapatan
Pinapayagan ng batas ng Oregon (ORS 329.479) ang mga magulang at nasa hustong gulang na mag-aaral na taunang mag-opt out sa mga summative na pagsusulit sa buong estado ng Oregon sa English Language Arts at Math sa pamamagitan ng pagsusumite ng form sa paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral. Magbibigay ang mga paaralan sa mga magulang ng taunang form para sa 2021-2022 nang hindi bababa sa 30 araw bago ang simula ng pagsusulit.

MGA PAGSUSULIT SA ESTADO NG OREGON

- **Hamunin ang iyong anak na mag-isip nang kritikal** at ilapat ang kanilang kaalaman sa mga tunay na problema
- **Higitan pa ang mga pagpipilian na sagot** at hilingin sa iyong anak na ipaliwanag ang kanilang mga sagot
- **Magsilbi bilang snapshot ng pag-unlad ng iyong anak** at maaaring isaalang-alang kasama ng iba pang mga impormasyon upang matukoy ang tagumpay ng inyong anak sa akademiko
- **Tumulong na matukoy ang mga paaralan at distrito** na nangangailangan ng mga karagdagang suporta upang matiyak na natutugunan ng mga mag-aaral ang mas matataas na pamantayan

MGA ISKEDYUL NG PAGSUSULIT SA BUONG ESTADO

English Language Arts at Math na mga Pagsusulit
Mga nasa Grade 3-8: Marso 8 – Hunyo 3, 2022
Mga nasa Grade 9-12: Enero 11 – Hunyo 3, 2022

Kailan kukuha ang aking anak ng pagsusulit?
Sasailalim ng pagsusulit kaagad ang iyong anak pagkatapos nilang makumpleto ang hindi bababa sa two-third ng pasukan ng taon. Tutukuyin ng paaralan ng inyong anak ang mga partikular na petsa kung kailan kukuha ang inyong anak ng mga pagsusulit sa loob ng iskedyul ng pagsusulit sa buong estado.

MANATILING UPDATED

Kausapin ang guro ng iyong anak o punong-guro kung mayroon kang mga katanungan o nais malaman ang higit pa dito.

Mga Mapagkukunan

Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung ano ang dapat malaman at maaaring magawa sa English Language Arts at Math: http://tinyurl.com/ELARoadmap at http://tinyurl.com/MathRoadmap

Upang tingnan ang mga halimbawang tanong sa pagsusulit: http://tinyurl.com/ORPracticeTests

Upang magbasa pa tungkol sa mga resulta ng pagsusulit ng inyong anak: http://tinyurl.com/ORTestResults